**PANDESAL 2005**

**Sabado, Enero 1, 2005**
**Maria, Ina ng Diyos**

**Unang Pagbasa: Blg 6:22-27**
**Ikalawang Pagbasa: Gal 4:4-7**
**Tinapay ng Buhay: Lc 2:16-21**

Nagmamadaling pumunta ang mga pastol sa Betlehem at natagpuan nila si Maria at si Jose at ang sanggol na nakahiga sa sabsaban. Pagkakita rito, pinatotohanan nila ang pahayag na binigkas sa kanila tungkol sa batang ito. Namangha rin ang mga nakarinig sa mga sinasabi ng pastol sa kanila.

Iningatan naman ni Maria ang mga ito at pinagnilay-nilay sa kanyang puso. Umuwi ang mga pastol na niluluwalhati at pinupuri ang Diyos dahil nakita nila ang lahat ng kanilang narinig ayon sa ipinasabi sa kanila.

Pagsapit ng ikawalong araw, kailangan nang tuliin ang bata; noon siya pinangalanang Jesus, ang itinawag sa kanya ng anghel bago pa siya ipinaglihi.

**Komentaryo**

*"Iningatan naman ni Maria ang mga ito at pinagnilay-nilayan sa kanyang puso." Sa puso nakaukit ang dakilang plano ng Diyos para sa atin. Sa ebanghelyo, ipinakita kung sino si Maria bukod sa pagiging modelo ng pananampalataya at Ina ng Diyos na nagkatawang-tao. Siya'y isang tanda na laging magpapaalala kung papaano dapat nating tanggapin ang kalooban ng Diyos para sa atin. Pag-ingatan - sapagkat para kay Maria, anumang mangyari sa buhay ng isang tao ay paraan ng pagpapahayag ng Diyos ng Kanyang kalooban. Pagnilayan - sapagkat ang mga pangyayaring ito ang nagsilbing gabay kay Maria upang maunawaan ng malinaw ang lahat ng salita at gawa ni Jesus.*

***Claretian Publications Inc., 8 Mayumi St., U.P. Village, Diliman, Quezon City, U.P. P.O. Box 4, Diliman, 1101 Quezon City; Tel.: 921-3984; Fax: 921-7429***
***E-mail: cci@claret.org***
***Websites: http://www.bible.claret.org (Claretian Publications)***
***& http://missionaries.claret.org (Claretians in the Philippines)***

**Linggo, Enero 2, 2005**
**Ang Pagpapakita ng Panginoon**

**Unang Pagbasa: Is 60:1-6**

Bumangon ka, magningning, pagkat dumating na ang iyong liwanag. Ang kaluwalhatian ni Yawe sa iyo ay sumisikat. Masdan, nababalot pa ng dilim ang lupa, at ng makapal na ulap ang mga bayan. Ngunit sumisikat si Yawe sa iyo, at lumilitaw sa iyo ang kanyang kaluwalhatian. Lumalakad ang mga bansa sa iyong liwanag, at ang mga hari sa ningning ng iyong bukanliwayway. Tumingin ka at masdan ang paligid: nagtitipon silang lahat at dumarating sa iyo - ang mga anak mong lalaki mula sa malayo, ang mga anak mong babaeng kinakalong. Magliliwanag ang mukha mo sa tanawing ito; kakaba-kaba ang iyong puso at mapupuspos ng ligaya. Dadalhin sa iyo ang yaman ng dagat, darating sa iyo ang yaman ng mga bansa. Matatabunan ka ng napakaraming kamelyo, mga batang kamelyo ng Madian at Efa. Darating ang lahat ng taga-Saba, may dalang ginto at insenso, at ipinapahayag ang papuri kay Yawe.

**Ikalawang Pagbasa: Ef 3:2-3, 5-6**

Mga kapatid: “Narinig na siguro ninyo ang tungkol sa kinalabasan ng misyong ibinigay sa akin ng Diyos alang-alang sa inyo. Ipinaalam nga niya sa akin sa pagbubunyag ang mahiwagang balak na isinulat ko sa iilang salita lamang.

Hindi pa ito ipinahahayag sa mga tao sa lumipas na panahon, kundi sa espiritu ito ibinunyag ngayon sa banal niyang mga apostol at mga propeta. Kay Kristo Jesus, ang mga paganong bayan ay nagiging kapwa-tagapagmana at kaisang-katawan at kabahagi sa pangako.”

**Tinapay ng Buhay: Mt 2:1-12**

Pagkapanganak kay Jesus sa Betlehem sa Judea, sa panahon ni Haring Herodes, dumating sa Jerusalem ang ilang pantas mula sa Silangan. Nagtanong sila: “Nasaan ang bagong silang na hari ng mga Judio? Nakita namin ang pagsikat ng kanyang tala sa Silangan at naparito kami para sambahin siya.”

Nang marinig ito ni Herodes, naligalig siya at ang buong Jerusalem. Ipinatawag niya kaagad ang buong kaparian at ang mga dalubhasa sa Batas, at itinanong sa kanila kung saan ipanganganak ang Mesiyas.

At sinabi nila: “Sa Betlehem ng Juda sapagkat ito ang isinulat ng Propeta: At ikaw, Betlehem, sa lupain ng Juda, hindi ikaw ang pinakaaba sa mga angkan ng Juda, sapagkat sa iyo magmumula ang isang pinuno: siya ang magiging pastol ng aking bayang Israel.”

Kaya lihim na tinawag ni Herodes ang mga pantas at hiningi sa kanila ang mga impormasyon tungkol sa sumikat na tala. At saka niya sila pinapunta sa Betlehem at sinabi: “Pumunta kayo at alamin ang tungkol sa bata. Pagkakita ninyo sa kanya, bumalik kayo sa akin para makapunta rin ako sa kanya at makasamba.”

Umalis sila pagkarinig nila sa hari. Nagpauna sa kanila ang tala na nakita nila sa Silangan, at tumigil ito sa itaas ng lugar na kinaroroonan ng sanggol. Labis na natuwa ang mga pantas nang makita nilang muli ang tala! Pumasok sila sa bahay at nakita nila ang sanggol kasama ni Mariang kanyang ina. Lumuhod sila at sumamba, at binuksan ang kanilang mga mamahaling dala at hinandugan siya ng mga regalong ginto, kamanyang at mira.

At nag-iba sila ng daan pag-uwi nila sa kanilang lupain dahil binilinan sila sa panaginip na huwag nang bumalik kay Herodes.

**Komentaryo**

*Ang Diyos ay nagpahiwatig sa pamamagitan ng mga simbolo kagaya ng bituin (ang kalikasan), ang mga nakatala sa lumang tipan (prophecy), kasama na rin ang makamundong kapangyarihan (Herodes) na salungat sa kagustuhan ng Panginoon. Lahat ng ito ay natutugma sa pinakadakilang pagpapahayag na si Jesus ang siyang tagapagligtas, hindi lamang ng Israel, kundi ng lahat ng tao sa mundo.*

*Ipinamamalas ng misteryo ng Pagpapakita ng Panginoon na ating ipinagdiriwang ngayon na tayo’y hindi pababayaan ng Panginoon. Hindi niya tayo hahayaang mabuhay sa kadiliman. Ipinauunawa niya sa atin na siya lagi ang gabay at ilaw sa ating araw-araw na pamumuhay. Ang kanyang kapangyarihan nawa ang mamalagi sa ating puso at isipan at siya nating laging sundin at pagsilbihan.*

## Lunes, Enero 3, 2005
## Pagkaraan ng Epifania

**Unang Pagbasa: 1 Jn 3:22—4:6**
**Tinapay ng Buhay: Mt 4:12-17, 23-25**

Nang marinig ni Jesus na dinakip si Juan, lumayo siya pa-Galilea. Hindi siya tumigil sa Nazaret, kundi sa Capernaum

nanirahan, sa may baybayin ng lawa ng Galilea, sa teritoryo ng Zabulon at Neftali.

Kaya natupad ang salita ni Propeta Isaias: “Makinig kayo, mga lupain ng Zabulon at Neftali, mga daang patungo sa Dagat, kabilang ibayo ng Jordan; pakinggan ako, Galileang lupain ng mga pagano.

“Nakakita na ng malaking liwanag ang mga lugmok sa kadiliman. Sumikat na ang liwanag sa mga nasa anino ng kamatayan.”

At magmula noon, sinimulang ipahayag ni Jesus ang kanyang mensahe: “Magbagong-buhay; lumapit na nga ang Kaharian ng Langit.”

Nagsimulang maglibot si Jesus sa buong Galilea. Nagturo siya sa kanilang mga sinagoga, ipinahayag ang Mabuting Balita ng Kaharian at pinagaling ang kung anu-anong klase ng sakit at kapansanan ng mga tao.

Lumaganap sa buong Siria ang balita tungkol sa kanya. Kaya dinala sa kanya ang mga may karamdaman, ang lahat ng naghihirap dahil sa sakit, ang mga inaalihan ng demonyo, ang mga nasisiraan ng bait, ang mga paralitiko, at pinagaling niya silang lahat. Sinundan siya ng maraming taong galing sa Galilea, sa Sampung Lunsod, sa Jerusalem, sa Judea at sa kabilang ibayo ng Jordan.

**Komentaryo**

*“Ito ang utos niya: na maniwala tayo sa Pangalan ng Anak niyang si Jesukristo...” Ang mga salitang ito sa unang pagbasa ay nagpapaalala sa atin sa kahalagahan ng pangalan ng isang tao. Lahat tayong binyagan ay tinatawag sa pangalang Kristiyano, katagang hango sa pangalan ni Kristo. Ang ating pagiging Kristiyano ay nagdadala ng isang malaking hamon: na tayo ay mga tagasunod ni Kristo. Tayo ay nagdadala ng kanyang Magandang Balita, ito ang mensahe ng pagmamahal at pagbabagong buhay. Ang pangalang Jesus ay pangalang nagpapahayag sa pagliligtas o pagpapala ng Diyos.*

**Martes, Enero 4, 2005**
**Pagkaraan ng Epifania**

**Unang Pagbasa: 1 Jn 4:7-10**
**Tinapay ng Buhay: Mc 6:34-44**

Pagdating ni Jesus sa pampang, nakita niya ang maraming taong nagkakatipon doon at naawa siya sa kanila sapagkat para silang mga tupang walang pastol. At nagsimula siyang magturo sa kanila nang matagal.

Nang humahapon na, lumapit sa kanya ang mga alagad at sinabi: “Nasa ilang na lugar tayo at lampas na ang oras.” Paalisin mo sila nang makapunta sila sa mga nayon at bukid sa paligid at makabili ng kani-kanilang makakain.”

Ngunit sumagot si Jesus sa kanila: “Kayo ang magbigay sa kanila ng makakain.” Sinabi naman nila: “At kami pa pala ang bibili ng tinapay - dalawandaang denaryo, di ba? At bibigyan namin sila.” Ngunit sinabi niya: “Ilang tinapay meron kayo? Sige, tingnan ninyo.” At pagkatingin nila ay kanilang sinabi: “Lima at may dalawa pang isda.”

Kaya iniutos niya sa kanila na paupuin nang grupu-grupo ang makapal na tao sa berdeng damuhan. At naupo silang grupu-grupo, tigsasandaan at tiglilimampu. Kinuha niya ang limang tinapay at dalawang isda, tumingala sa langit, nagpuri, hinati ang mga tinapay at ibinigay sa kanyang mga alagad para ibigay din nila sa mga tao. Gayundin naman, hinati niya ang dalawang isda.

At kumain silang lahat at nabusog, at inipon nila ang mga natirang pira-piraso - labindalawang punong basket ang mga piraso ng tinapay pati na ang mga piraso ng isda. Mga limanlibong lalaki ang napakain.

**Komentaryo**

*Ang tunay na kahulugan ng pag-ibig ay ipinadarama ng Panginoon sa atin sa pagpapadala ng mahal niyang Anak sa mundo upang manahan sa atin hindi lang bilang isang guro kundi bilang “pagkain” natin. Sa pagpapahiwatig ni Jesus sa pag-ibig ng Diyos sa salita at gawa ay nagtuturo at nagbibigay buhay sa mga sakramento lalong-lalo na sa banal na Eukaristiya o Pakikinabang. Sa pagpapapakain ni Jesus sa limanlibong tao (Mk 6:44), tayo rin ay kanyang binubusog hindi lamang sa kanyang Buhay na Salita sa mga pagbasa kundi sa pamamagitan ng Eukaristiya. Paano ba ang pagtanggap natin sa Tinapay ng Buhay sa Salita at sa Eukaristiya?*

## Miyerkules, Enero 5, 2005
## Pagkaraan ng Epifania

**Unang Pagbasa: 1 Jn 4:11-18**
**Tinapay ng Buhay: Mc 6:45-52**

Agad na pinilit ni Jesus na sumakay sa bangka ang mga alagad at pinauna sa Betsaida sa kabilang ibayo habang pinaaalis niya ang mga tao. At pagkapaalis niya sa kanila, mag-isa siyang lumayo papunta sa kaburulan para manalangin.

Nasa laot na ang bangka nang gumabi at nag-iisa naman siyang nasa lupa. Nakita niya silang nahihirapan sa pagsagwan sapagkat pasalungat ang hangin. Kaya nang madaling-araw na, pinuntahan sila ni Jesus na naglalakad sa dagat at waring lalampas sa kanila. Nang makita nila siyang naglalakad sa dagat, akala nila'y multo siya. Kaya sumigaw sila. Nakita nga siya nilang lahat at nasindak sila. Ngunit agad niya silang kinausap: "Lakasan ang loob! Ako ito, huwag kayong matakot."

Nang nakasakay na siya sa bangka kasama nila, tumigil ang hangin kaya lalo pa silang namangha. Hindi nga nila naunawaan ang tungkol sa mga tinapay, kundi sarado ang kanilang isip.

**Komentaryo**

*Sa ebanghelyo, makikitang tayo'y kabilang sa mga disipulo na may takot dahil kulang tayo ng panalangin at pananampalataya. Kung kulang tayo sa mga ito, tiyak mahina tayo sa pagtanggap at pang-unawa sa salita at gawa ni Jesus, lalo na sa pag-aalay niya ng sarili bilang Tinapay ng Buhay sa Banal na Eukaristiya. Kakapusin tayo ng lakas ng loob na mag-alay ng pagmamahal sa kapwa. Pero, tuloy pa rin ang pagpapakita ng Panginoon sa atin nang sinabi niyang:"Lakasan ang loob, ako ito, huwag kayong matakot" (b 50). Ano ba ang mga kinakatakutan ko sa buhay na nagiging balakid sa aking pananaw at sagabal sa aking pagtanggap at pagmamahal sa aking kapwa?*

**Huwebes, Enero 6, 2005**
**Pagkaraan ng Epifania**

**Unang Pagbasa: 1 Jn 4:19—5:4**
**Tinapay ng Buhay: Lc 4:14-22**

Nagbalik si Jesus sa Galilea na taglay ang kapangyarihan ng Espiritu at lumaganap sa buong kapaligiran ang balita tungkol sa kanya. Kinaugalian niyang magturo sa kanilang mga sinagoga, at pinupuri siya ng lahat.

Pagdating niya sa Nazaret, kung saan siya lumaki, pumasok siya sa sinagoga sa Araw ng Pahinga ayon sa kanyang kinaugalian. Tumindig siya para bumasa ng Kasulatan, at iniabot sa kanya ang aklat ni Propeta Isaias.

Sa paglaladlad niya sa rolyo, natagpuan niya ang lugar kung saan nasusulat: "Sumasaakin ang Espiritu ng Panginoon kayat pinahiran niya ako upang ihatid ang mabuting balita sa mga dukha. Sinugo niya ako upang ipahayag ang paglaya sa mga bilanggo, sa mga bulag ang pagkabawi ng paningin, upang bigyang-

ginhawa ang mga api, at ipahayag ang taon ng kabutihang-loob ng Panginoon.”

Binilot ni Jesus ang aklat, ibinigay ito sa tagapaglingkod at naupo. At nakatuon sa kanya ang mga mata ng lahat ng nasa sinagoga. Sinimulan niyang magsalita sa kanila: “Isinakatuparan ang Kasulatang ito ngayon habang nakikinig kayo.”

At sumang-ayon silang lahat sa kanya habang nagtataka sa gayong pagpapahayag ng kabutihang-loob ng Diyos na nanggaling sa kanyang bibig. At sinabi nila: “Hindi ba’t ito ang anak ni Jose?”

**Komentaryo**

*Sa buhay, dumarating ang panahon kung saan ang salitang namumutawi sa labi ay nagiging sanhi ng tagumpay o pagkabigo. Si Jesus ay bumalik sa Galileang taglay ang kapangyarihan ng Espiritu Santo. Binuksan niya ang rolyo at binasa ang mga katagang “Sumasaakin ang Espiritu ng Panginoon... Sinugo niya ako upang ipahayag ang paglaya ng bilanggo... bigyang ginhawa ang api...” Ito ay mga salitang nakapagpabago sa paningin ng mga tao sa kanya at nakapagpahayag sa misyon na kanyang gagampanan.*

*Ang Salita ang nagbibigay ng tunay na kalayaan. Si Jesus ang makapangyarihang Salitang nagbibigay lakas sa kanyang mga tagasunod upang matupad ang kanilang mga tungkulin. Gaano ba tayo katatag sa pagsasabi ng wasto at totoo sa ating kapwa?*

**Biyernes, Enero 7, 2005**
**Pagkaraan ng Epifania**

**Unang Pagbasa: 1 Jn 5:5-13**
**Tinapay ng Buhay: Lc 5:12-16**

Nang nasa isang bayan si Jesus, may isang taong tadtad ng ketong doon. Nang makita niya si Jesus, nagpatirapa siya at nakiusap sa kanya: “Ginoo, kung gusto mo, mapalilinis mo ako.”

Kaya iniunat ni Jesus ang kanyang kamay at hinipo siya at sinabi: “Gusto ko, luminis ka!” Nang oras ding iyo’y iniwan ng ketong ang lalaki. Iniutos sa kanya ni Jesus: “Huwag mo itong sabihin kanino man kundi pumunta ka sa pari para masuri ka niya at maialay alang-alang sa iyo ang handog na iniutos ni Moises para magkaroon sila ng patunay.”

Ngunit lalo namang kumalat ang balita tungkol sa kanya at pumunta sa kanya ang maraming tao para makinig at mapagaling sa kanilang mga karamdaman. Kaya madalas na mag-isang pumupunta si Jesus sa mga ilang na lugar para manalangin.

**Komentaryo**

*Kung ang ketong ay sakit sa katawan, kawangis nito ang kamalian o kasalanan na pinag-uusapan sa lipunan. Madalas na ang mga maliliit, tulad ng mga ketongin, ay iniiwasan at nilalayuan ng karamihan. Sa ebanghelyo, ang hiling ng ketongin ay "Ginoo, kung gusto mo, mapalinis mo ako." Ito ay hiyaw at hinaing din ng taong itinatatwa ng lipunan, ng mga taong naghihinagpis. Ang misteryo ng paghihirap ay hindi naaalis sa ating buhay ngunit sa kabila nito, naroon pa rin ang malalim na pananampalataya at paniniwalang iuunat ng Diyos ang mapagmahal at mahabaging kamay na wika'y "Gusto ko, luminis ka!"*

**Sabado, Enero 8, 2005**
**Pagkaraan ng Epifania**

**Unang Pagbasa: 1 Jn 5:14-21**
**Tinapay ng Buhay: Jn 3:22-30**

Pumunta si Jesus at ang kanyang mga alagad sa lupain ng Judea, at tumigil siya roong kasama nila at nagbinyag. Nagbibinyag din noon si Juan sa Ainon na malapit sa Salim dahil maraming tubig doon, at may mga nagsisidating at nagpapabinyag. Hindi pa nabibilanggo noon si Juan.

At nagkaroon ng pagtatalo ang mga alagad ni Juan at ang isang Judio tungkol sa paghuhugas. Pinuntahan nila si Juan at sinabi sa kanya: "Rabbi, ang kasa-kasama mo sa ibayo ng Jordan, na pinatunayan mo, nagbibinyag siya ngayon at sa kanya pumupunta ang lahat." Sumagot si Juan: "Walang anumang makukuha ang isang tao malibang ibigay ito sa kanya ng Langit. Kayo mismo ang makapagpapatunay na sinabi kong 'Hindi ako ang Mesiyas kundi sinugo akong manguna sa kanya.' Sa nobyo ang nobya. Naroon naman ang abay ng nobyo para makinig sa kanya at galak na galak siya sa tinig ng nobyo. Ganito ring lubos and aking kagalakan. Dapat siyang humigit at ako nama'y lumiit."

**Komentaryo**

*"Dapat siyang humigit, at ako nama'y lumiit." Makikita ang kadakilaan at pagpapakumbaba ni Juan. Lumagay siya sa tamang lugar upang sa gayo'y makilala ang nakahihigit sa kanya - si Jesus. Sa atin ding pagpapatotoo at pagpapahayag ang dapat makilala ay si Kristo at hindi tayo. Ginagawa lang natin ang*

*ating tungkulin. Bagamat sa pagtupad natin nito ay makikibahagi tayo sa kaluwalhatian ng Panginoon.*

**Linggo, Enero 9, 2005**
**Ang Pagbibinyag ng Panginoon**

**Unang Pagbasa: Is 42:1-4, 6-7**

Sinabi ng Panginoon: “Narito ang lingkod ko na aking inaalalayan, ang aking hinirang na kinalulugdan ng aking kaluluwa. Inilagay ko sa kanya ang aking Espiritu, at maghahatid siya ng katarungan sa mga bansa. Hindi siya hihiyaw ni sisigaw, ni magtataas ng tinig sa mga lansangan. Hindi niya babaliin ang sirang tambo, ni papatayin ang sindi ng ilawang aandap-andap. Palilitawin niya ang katarungan sa katotohanan. Hindi siya mag-uurong-sulong o masisiraan ng loob hanggang maitatag niya ang katarungan sa lupa. Hinihintay ng mga pulo ang kanyang batas.

Akong si Yawe ang tumawag sa iyo dahil sa katarungan. Hahawakan kita sa kamay at iingatan; gagawin kitang isang tipan para sa sambayanan at liwanag sa mga bansa, upang imulat ang mata ng mga bulag, palayain sa bilangguan ang mga bihag, at pakawalan sa kulungan ang mga nasa dilim.

**Ikalawang Pagbasa: Gawa 10:34-38**

Nagsalita si Pedro, at sinabi: “Naiintindihan ko na ngayon na talaga ngang walang kinikilingan ang Diyos. Sa bawat bansa’y tinatanggap niya ang sinumang may takot sa kanya at gumagawa ng tama.

Ito ang salitang ipinadala niya sa bayang Israel, ang mabuting balita ng kapayapaang ipinahayag niya kay Jesucristong Panginoon ng lahat. Alam ninyo ang mga nangyari sa buong Judea, na nagsimula sa Galilea pagkatapos ng binyag na ipinangaral ni Juan. Hinirang nga ng Diyos si Jesus na taga-Nazaret sa Espiritu Santo at kapangyarihan. Saanman magpunta, siya’y gumagawa ng mabuti at nagpapagaling sa lahat ng nasa kapangyarihan ng diyablo, sapagkat sumasakanya ang Diyos.

**Tinapay ng Buhay: Mt 3:13-17**

Dumating noon si Jesus mula sa Galilea at lumapit kay Juan sa Ilog Jordan para magpabinyag. Pero tumanggi si Juan at sinabi: “Ako ang dapat na magpabinyag sa iyo, bakit ikaw ang lumapit sa akin?”

Ngunit sumagot sa kanya si Jesus: “Hayaan mo. Simulan natin sa simula.” Kaya sumangayon si Juan.

Matapos mabinyagan, umahon si Jesus mula sa tubig. At agad na nabuksan ang langit at nakita niya ang Espiritu ng Diyos na bumababang parang kalapati at papunta sa kanya. Narinig kasabay nito ang boses mula sa langit na nagsabi: “Ito ang aking Anak, ang Minamahal, siya ang aking Hinirang.”

**Komentaryo**

*Siguro ang unang papasok sa isipan natin sa pistang ito ay: bakit parang kay dali? Parang kailan lang tayo’y nagsasaya at nagbubunyi sa kapanganakan ni Jesus . Ngayon, nakikita natin Siya na isa ng may edad. Dito makikita natin na ang panahon ng Pasko ay ang unti-unting pagpapahayag ng plano ng Diyos sa kaligtasan. Ang pangyayaring ipinagdiriwang natin ngayon ay ang simula ng misyon ni Jesus na maging alagad para sa kaligtasan ng lahat. “Ikaw ang aking anak, ang aking minamahal, ikaw ang aking hinirang.” Ito ang pinakapuno ng bawat yugto ng kaligtasan. Pumunta si Jesus kay Juan upang mabinyagan at maganap ang kagustuhan ng Ama. Ang kanyang binyag ay panimula ng kanyang paglalakbay tungo sa Gethsemani at Kalbaryo. Ito ang pahiwatig na niyakap ni Jesus “ang ating pagkatao.” Hindi lamang inako ni Jesus ang ating kasalanan kundi inako rin niya ang pagpapakahirap at pagkamata para sa atin.*

**Lunes, Enero 10, 2005**
**Unang Linggo ng Taon**

**Unang Pagbasa: Heb 1:1-6**
**Tinapay ng Buhay: Mc 1:14-20**

Pagkadakip kay Juan, pumunta si Jesus sa Galilea. Doon niya ipinahayag ang magandang balita ng Diyos sa pagsasabing “Sumapit na ang panahon; magbagong-buhay at maniwala sa magandang balita; lumapit na nga ang Kaharian ng Langit.”

Sa pagdaan ni Jesus sa pampang ng lawa ng Galilea, nakita niya si Simon kasama si Andres na kapatid niya na naghahagis ng mga lambat sa lawa; mga mangingisda sila. Sinabi sa kanila ni Jesus: “Halikayo, sumunod kayo sa akin at gagawin ko kayong mangingisda ng tao.” Agad nilang iniwan ang kanilang mga lambat at sumunod sa kanya.

Nagpatuloy pa siya nang kaunti, nakita naman niya ang magkapatid na Jaime at Juan na mga anak ni Zebedeo; nasa bangka sila at nagsusursi ng kanilang lambat. Tinawag sila ni Jesus.

Agad nilang iniwan sa bangka ang kanilang amang si Zebedeo kasama ang mga tauhan nito, at umalis silang kasunod niya.

**Komentaryo**

*Makikilala natin si Jesus sa mga pagbasa sa ebanghelyo. Siya ay taong may puso at damdamin. Gayundin ang kanyang pagtugon sa pagsugo sa kanya ng Ama na maging manunubos. Sa Hebreo, si Jesus ay Anak ng Diyos, siya ang KALOOB ng Diyos, ang kawangis ng buong nilalang, ang pinakamahalagang pagpapatunay sa wagas na pagmamahal sa atin ng Diyos. Ngayon ang simula ng misyon ni Jesus, ang pagsasakatuparan sa kanyang pagpapahayag ng Magandang Balita: "Ito na ang katuparan, ang Kaharian ng Diyos ay narito na!" Isang panawagan ng pagbabago at pagsunod sa kanya, panawagang narinig noong adbiyento at ating maririnig sa panahon ng kuwaresma.*

**Martes, Enero 11, 2005**
**Unang Linggo ng Taon**

**Unang Pagbasa: Heb 2:5-12**
**Tinapay ng Buhay: Mc 1:21-28**

Pumunta si Jesus at ang kanyang mga alagad sa Capernaum at nagturo siya sa sinagoga sa mga Araw ng Pahinga. Nagulat ang mga tao sa kanyang pangangaral sapagkat nangaral siya nang may kapangyarihan, hindi gaya ng mga guro ng Batas.

May isang tao sa sinagoga na inaalihan ng isang maruming espiritu. Sumigaw ito: "Ano ang kailangan mo sa akin, Jesus na taga-Nazaret? Para ipahamak kami kaya ka dumating. Alam ko kung sino ka: ang Banal ng Diyos."

Ngunit iniutos sa kanya ni Jesus: "Tumahimik ka't lumabas sa kanya." Matinding niyugyog ng espiritu ang taong iyon at pagkasigaw nang malakas ay saka lumabas.

Talagang takang-taka ang lahat at nag-usap-usap sila: "Ano ito? Isang bagong pagtuturo na may kapangyarihan! Inuutusan niya kahit maruruming espiritu at sinusunod nila siya." At lumaganap ang katanyagan niya saan man sa buong lupain ng Galilea.

**Komentaryo**

*Ang pagbasa ngayong araw na ito ay may isinasaad tungkol sa ating dangal: nilikha tayo ng mas mababa lamang sa mga anghel, tayo ay nilikhang tagapangalaga sa lahat ng nilalang. Dahil dito, si Jesus na siyang pinakamataas sa lahat, ay nagsanla ng kanyang buhay para lamang tayo ay maligtas.*

*Makikita natin ang pagpapahayag niya sa sinagoga at ang kalakip nito ay ang pagsalungat o pagkontra sa kanya ng karamihan. Sumasanib ang kapangyarihan ng kadiliman kung pumapasok ang pagkainggit.*

**Miyerkules, Enero 12, 2005**
**Unang Linggo ng Taon**

**Unang Pagbasa: Heb 2:14-18**
**Tinapay ng Buhay: Mc 1:29-39**

Pagkaalis ni Jesus at ang kanyang mga alagad sa sinagoga, tumuloy si Jesus sa bahay nina Pedro at Andres, kasama sina Jaime at Juan. Doo'y nakahiga ang biyenan ni Pedro at may lagnat, at agad nila itong sinabi kay Jesus. Kaya lumapit siya, hinawakan ito sa kamay at ibinangon. Iniwan ng lagnat ang babae at ito mismo ang naglingkod sa kanila.

Pagkalubog ng araw, nang dumidilim na, dinala nila kay Jesus ang lahat ng maysakit o inaalihan ng masasamang espiritu. Nasa may pintuan nga ang buong bayan. Maraming may iba't ibang sakit ang pinagaling ni Jesus at maraming demonyo ang kanyang pinalayas; ngunit hindi niya sila pinahintulutang magsalita sapagkat alam nila kung sino siya.

Kinabukasan, maaga siyang bumangon at umalis. Pumunta siya sa isang ilang na lugar at doon siya nanalangin.

Hinanap siya nina Pedro, at pagkakita sa kanya ay kanilang sinabi: "Hinahanap ka ng lahat." Ngunit sinabi niya sa kanila: "Tayo na sa ibang lugar, sa maliliit na karatig-nayon para makapangaral din ako roon; dahil dito kaya nga ako lumabas."

At naglibot siyang nangangaral sa kanilang mga sinagoga sa buong Galilea at nagpapalayas ng mga demonyo.

**Komentaryo**

*"Pagkaalis niya sa sinagoga, tumuloy si Jesus sa bahay nina Pedro... doo'y nakahiga ang biyenan ni Pedro at may lagnat... hinawakan ni Jesus ang kamay at bumangon" (bb 29-30).*

*Ang misyon ni Jesus ay ang magpagaling, mangaral, at tumawag ng mga kaagapay niya sa kanyang gawain. Habang ginagampanan niya ang kanyang misyon patuloy siyang nakikipag-usap at nakikiisang loob sa Ama. Ngayon, itinuturo sa atin ni Jesus kung ano ang dapat nating gawin para sa mga maysakit. Ang pagkalinga at pagmamahal natin sa ating mga kapatid na may karamdaman* ang magpapadama sa kanila ng kagandahang loob ng *Diyos.*

**Huwebes, Enero 13, 2005**
**Unang Linggo ng Taon**

**Unang Pagbasa: Heb 3:7-14**
**Tinapay ng Buhay: Mc 1:40-45**

Lumapit kay Jesus ang isang mayketong at nakiusap sa kanya: “Kung gusto mo, mapalilinis mo ako.” Nahabag si Jesus sa kanya, iniunat ang kanyang kamay, hinipo siya at sinabi: “Gusto ko, luminis ka!” Nang oras ding iyon, iniwan ang lalaki ng kanyang ketong at luminis siya.

Ngunit mahigpit siyang pinagbilinan ni Jesus sa kanyang pag-alis, sinabi niya: “Mag-ingat ka, huwag mo itong sabihin kaninuman, kundi pumunta ka sa pari para masuri ka niya at maialay alang-alang sa pagkalinis sa iyo ang handog na iniutos ni Moises upang magkaroon sila ng patunay.”

Ngunit pagkaalis ng tao, sinimulan niyang ipahayag ito kahit saan at ipamalita ang pangyayaring ito. Dahil dito, hindi na lantarang makapasok sa bayan si Jesus kundi nanatili siya sa labas, sa mga ilang na lugar. Ngunit may dumarating pa rin sa kanya na kung saan-saan galing.

**Komentaryo**

*“Lumapit sa kanya ang isang may ketong at nakiusap sa kanya, ‘Kung gusto mo, mapalilinis mo ako... Gusto ko, luminis ka!”’ (bb 40-41).*

*Bukod sa pagiging grabeng sakit ang ketong na nagdudulot ng mga sugat at impeksiyon ay nakakahawa rin. Ang mga may ketong ay itinuturing na latak ng lipunan, iniiwasan at kinatatakutan. Makikita dito na si Jesus ay puno ng awa at habag sa kalagayan ng taong nasa harapan niya. Hinawakan niya ito; luminis at gumaling ang balat ng ketongin. Ang ginawa ni Jesus ay tunay na himala. Nakaahon ang ketongin sa pagiging latak ng lipunan. Tulad na siya ng iba at hindi na siya iiwasan. Sa labis na tuwa ay ipinamalita ang magandang nangyari sa kanya.*

**Biyernes, Enero 14, 2005**
**Unang Linggo ng Taon**

**Unang Pagbasa: Heb 4:1-5, 11**
**Tinapay ng Buhay: Mc 2:1-12**

Pagkaraan ng ilang araw, pumasok si Jesus sa Capernaum. Nang mabalitang nasa bahay siya, marami ang nagtipon doon kaya wala

nang lugar kahit sa may pintuan. At ipinahayag niya ang Salita. May mga tao namang dumating at dinala sa kanya ang isang paralitiko, na buhat-buhat ng apat.

At nang hindi sila makalapit kay Jesus dahil sa dami ng tao, inalis nila ang mga tisa ng terasang nasa ibabaw ng kinaroroonan ni Jesus at pagkabukas nila nito, inihugos nila ang paralitiko na nasa higaan.

Nang makita ni Jesus ang kanilang pananalig, sinabi niya sa paralitiko: “Anak! Pinatawad na ang iyong mga kasalanan.”

May ilang guro ng Batas naman na nakaupo roon at inisip nila: “Ano itong sinasabi niya? Talagang iniinsulto niya ang Diyos. Sino ba ang may kapangyarihang magpatawad ng mga kasalanan? Di ba’t ang Diyos lamang?”

At agad na nalaman ni Jesus sa kanyang espiritu na ganoon ang kanilang mga niloloob na kaisipan. Kaya sinabi niya sa kanila: “Ano ang mga kaisipan ninyong ito? Ano ba ang mas madaling sabihin sa paralitiko: ‘Pinatawad na ang iyong mga kasalanan’ o ‘Tumayo ka, kunin ang iyong higaan at lumakad’? Dapat ninyong malaman na sa lupa ay may kapangyarihan ang Anak ng Tao na magpatawad ng kasalanan.”

At sinabi niya sa paralitiko: “Iniuutos ko sa iyo: bumangon ka, dalhin mo ang iyong higaan at umuwi.” At bumangon nga ang tao, agad na kinuha ang higaan at lumabas na nakikita ng lahat. Lubhang namangha ang lahat at nagpuri sila sa Diyos sa pagsasabing “Kailanma’y hindi pa kami nakakakita ng ganito.”

**Komentaryo**

*Isang paralitiko ang dinala kay Jesus, subalit sa kapal ng tao, di makalapit ang mga kaibigang bumubuhat dito. Gayunman, sila’y mapamaraan. Umakyat sila sa bubong, tinanggal ang ilang mga tisaan, at ibinaba ang paralitiko. Nakita ni Jesus ang tindi ng kanilang pananampalataya, kaya ito’y pinaginhawa at pinagkalooban ng kapatawaran na ikinagulat ng mga guro ng Batas. Nang magkagayo’y inutusan ni Jesus ang paralitiko na tumayo at lumakad. Ito’y dagling tumalima at lumakad papalayo. Namangha ang lahat at nagpuri sa Diyos. Nakakadama ba tayo ng saya sa Mabuting Balita ng kapatawaran para sa isa’t isa? Ang atin bang pananampalataya ay kasing-malikhain tulad ng mga kaibigan ng paralitiko?*

**Sabado, Enero 15, 2004**
**Unang Linggo ng Taon**

**Unang Pagbasa: Heb 4:12-16**
**Tinapay ng Buhay: Mc 2:13-17**

Mulimg pumunta si Jesus sa tabing-dagat at lumapit din sa kanya ang lahat. Kaya nagturo siya sa kanila.

Nakita naman niya sa paglalakad si Levi na anak ni Alfeo, na nakaupo sa singilan ng buwis at sinabi niya rito: “Sumunod ka sa akin.” At tumayo ito at sinundan siya.

Habang nanunuluyan naman si Jesus sa bahay ni Levi, maraming tagasingil ng buwis at iba pang makasalanan ang nakisalo kay Jesus at sa kanyang mga alagad. Talaga ngang marami sila. Ngunit may mga guro ng Batas namang sumusunod sa kanya. Nang makita nila na nasa hapag siya kasama ng mga makasalanan at manininggil ng buwis, sinabi nila sa kanyang mga alagad: “Ano! kumakain siyang kasama ng mga makasalanan at manininggil ng buwis?”

Nang marinig ito ni Jesus, sinabi niya sa kanila: “Hindi ang malulusog ang nangangailangan ng doktor kundi ang mga maysakit! Hindi ako pumarito para tawagin ang mabubuti kundi ang mga makasalanan.”

**Komentaryo**

*“...Ano! Kumakain siyang kasama ng mga makasalanan at manininggil ng buwis?” (b16). Napakahalagang paunawa para sa atin! Panahon na para palayain natin ang ating sarili sa mga mapanghusgang pala-palagay na nag-uuri sa mga tao. Tigilan na natin ang paghahati-hati ng mga tao sa mabuti o masama, sa puede nating batiin o hindi, sa mga dapat nating mahalin o sa mga kaaway ng pangmatagalan. Tinutukoy ng ebanghelyo ang mga pariseo at publikano o manininggil ng buwis na naninilbihan sa mga kapangyarihang maka-mundo. Sila ay mga makasalanan. Hindi namumuhi ang Diyos sa mayayaman o sa mga walang pinag-aralan. Ang kaligtasan ng lahat ang tinitingnan ng mapagmahal at maawaing Diyos.*

## Linggo, Enero 16
## Santo Niño, Ang Sanggol na Jesus

**Unang Pagbasa: Is 9:1-6**

Ang bayang nagsisilakad sa karimlan ay nakakita ng malaking liwanag, liwanag na nagliliwayway sa mga nasa lupain ng anino ng kamatayan.

Pinalawak mo ang bansa, dinagdagan ang kanilang ligaya. Nagagalak sila sa harap mo, tulad ng pagkagalak kung tag-ani, o kung naghahati-hati sa nasamsam.

Tulad nang malupig ang Madian, binali mo ang pamatok nilang pasan, ang balagwit sa kanilang balikat, ang latigo ng kanilang kapatas. Bawat botang yumayabag sa digmaan, bawat unipormeng namantsahan ng dugo ay itatapon sa siga, at lalamunin ng apoy. Sapagkat isang sanggol ang sa ati'y isinilang, anak na lalaking kaloob sa atin.

Sagisag ng kapangyariha'y nasa kanyang balikat, at inihayag ang kanyang pangalan: "Kahanga-hangang Tagapayo, Makadiyos na Mandirigma, Amang Walang-hanggan, Prinsipe ng Kapayapaan."

Mag-iibayo ang kanyang kapangyarihan at kapayapaa'y walang katapusan. Maghahari siya sa trono ni David at sa buo niyang kaharian. Itatayo iyon at patatatagin sa katarungan at pagkamatuwid mula ngayon at magpakailanman. Oo, gagawin ito ng selosong pag-ibig ni Yawe ng mga Hukbo.

**Ikalawang Pagbasa: Ef 1:3-6, 15-18**

Pasalamatan ang Diyos na Ama ni Jesucristong ating Panginoon!

Pinagpala niya tayo mula sa kalangitan, kay Kristo, ng bawat pagpapalang espirituwal; hinirang na nga niya tayo sa kanya bago pa nilalang ang mundo upang tayo'y maging banal at walang kasalanan sa paningin niya. Sa pag-ibig, itinalaga niya tayong ampunin mula sa kawalang-hanggan sa pamamagitan ni Jesucristo at para sa kanya, ayon sa mapagmahal na kalooban niya, upang purihin ang maringal na kaloob niyang nasa Minamahal na ipinagkaloob niya sa atin.

Nabalitaan ko rin naman ang inyong pananampalataya at ang inyong pagmamahal sa lahat ng banal. Kaya walang tigil akong nagpapasalamat sa Diyos dahil sa inyo, at inaalaala ko kayo sa aking mga panalangin. Bigyan nawa kayo ng Diyos na Ama ni Jesucristong Panginoon ng karunungan at pagkatuklas na bunga ng Espiritu upang lubusan ninyo siyang makilala. Liwanagan nawa niya ang inyong mga kalooban upang malaman ninyo kung ano ang aasahan ninyo sa pagkatawag niya sa inyo, kung ano ang kayamanan ng maluwalhati niyang pamana sa mga banal.

**Tinapay ng Buhay: Mt 18:1-5, 10**

Nang panahong iyon, lumapit kay Jesus ang mga alagad at tinanong nila siya: "Sino ang mas una sa kaharian ng Langit?"

Tinawag ni Jesus ang isang maliit na bata at ipinagitna sa kanila, at sinabi: "Sinasabi ko sa inyo na hanggang hindi kayo nagbabago at nagiging katulad ng maliliit na bata hindi kayo makapapasok sa kaharian ng Langit. Ang nagpapakababa gaya ng maliit na batang ito, siya ang pinakamalaki sa kaharian ng

Langit. At ang sinumang tumanggap sa batang ito dahil sa aking pangalan ay tumatanggap sa akin. Huwag sana ninyong hamakin ang isa sa maliliit na ito; talagang sinasabi ko sa inyo na laging nasa harap ng aking Ama sa Langit ang kanilang mga anghel sa Langit.

**Komentaryo**

*Hindi maihihiwalay ang kapistahan ng Sto. Niño sa pagka-Kristiyano ng ating bansa. Isa itong magandang debosyon sa pagpapakatao ng Diyos -na minsan siya ay naging isang musmos. Datapuwat marami pa rin sa atin ang nanatiling isip-bata sa pagsasabuhay ng pananampalataya. Huwag nating kalilimutan na ang batang Jesus ay lumaki at lumago sa karunungan, pagmamahal at pananampalataya. Ang kapistahan ng Sto. Niño ay isang mahalagang tanda na magpapaalaala na ang Diyos ng pag-ibig, kapayapaan at kalinga ay patuloy na nananahan sa piling natin.*

**Lunes, Enero 17, 2004**
**Ika-2 Linggo ng Taon**

**Unang Pagbasa: Heb 5:1-10**
**Tinapay ng Buhay: Mc 2:18-22**

Minsa'y nag-aayuno ang mga alagad ni Juan at ang mga Pariseo. Kaya may lumapit sa kanya at nagtanong: "May araw ng ayuno ang mga alagad ni Juan at ang mga alagad ng mga Pariseo, at wala ba namang pag-aayuno ang iyong mga alagad?"

Sinagot sila ni Jesus: "Puwede bang mag-ayuno ang mga abay sa kasalan kapag kasama pa nila ang nobyo? Darating ang panahon na kukunin sa kanila ang nobyo; sa araw na iyon sila mag-aayuno.

"Walang nagtatagpi ng piraso ng bagong tela sa lumang damit. Kung gagawin mo ito, hihilahin ng tagpi ang damit, ng bago ang luma at lalo pang lalaki ang punit. At hindi ka rin naman maglalagay ng bagong alak sa mga lumang sisidlan. Kung gagawin mo ito, papuputukin ng alak ang mga sisidlan at masisira ang alak pati na ang mga sisidlan. Sa bagong sisidlan ang bagong alak!"

**Komentaryo**

*Inihahalintulad ni Jesus ang kanyang sarili sa atin; naging mapagpasensiya siya sa ating mga pagkakamali at kahinaan. Anak siya ng Diyos pero hindi niya inangkin ang pagkapari upang parangalan niya ang kanyang sarili kundi ang maging masunurin at*

*tanggapin ang anumang hirap upang matupad ang mapagligtas na kalooban ng kanyang Ama. Ito rin ang nais niya para sa atin: ang sumunod sa kalooban ng Diyos, ito man ay magdulot ng hirap at sakit. Sa pamamagitan nito'y makikibahagi rin tayo sa winika ng Ama sa kanyang Anak: "Ikaw ang aking anak, inianak kita ngayon" (Heb 5:5).*

**Martes, Enero 18, 2005**
**Ika-2 Linggo ng Taon**

**Unang Pagbasa: Heb 6:10-20**
**Tinapay ng Buhay: Mc 2:23-28**

Naglakad si Jesus sa mga taniman ng trigo minsang Araw ng Pahinga. At habang naglalakad ang kanyang mga alagad, sinimulan nilang alisin sa uhay ang mga butil, at kinain iyon. At sinabi kay Jesus ng mga Pariseo: "Tingnan mo ang ginagawa nila sa Araw ng Pahinga. Hindi ito ipinahihintulot."

Ngunit sumagot si Jesus: "Hindi ba ninyo nabasa kailanman ang ginawa ni David nang nangangailangan siya at nagugutom - siya at ang kanyang mga kasama? Pumasok siya sa bahay ng Diyos nang si Abiatar ang Punong-pari, at kinain ang tinapay na inihain para sa Diyos gayong bawal ito kaninuman liban sa mga pari, at binigyan pa niya pati na ang kanyang mga kasama." At sinabi pa sa kanila ni Jesus: "Dahil sa tao kaya ginawa ang Araw ng Pahinga ngunit hindi ang tao dahil sa Araw ng Pahinga. Kung gayon, ang Anak ng Tao ang Panginoon kahit na ng Araw ng Pahinga."

**Komentaryo**

*Tayong mga Pilipino ay kilala sa pagiging relihiyoso. Lahat ng mga prosesyon ay sinasalihan natin. Sa mga piyesta, mahal na araw, simbang gabi, Pasko, at kung Linggo - mga araw ng Sabbath - halos pumutok ang dingding ng simbahan sa kapunuan. Ang pagtupad ba ng Sabbath - Araw ng Banal na Pamamahinga - ay para lamang sa mga mayayaman? Bakit kaya di natin masagot ang katanungang: "Bakit marami pa ring naaapi at naghihirap?" Ito kaya'y dahil mas nabibigyang diin ang pagtupad o pagsunod sa Sabbath kaysa sa pag-aalay ng pagkalinga't pagmamahal sa mga nangangailangan? Hindi kaya dahil hiwalay pa rin ang pananaw natin sa mga gawaing espirituwal at araw-araw na pamumuhay?*

**Miyerkules, Enero 19, 2004**

## Ika-2 Linggo ng Taon

**Unang Pagbasa: Heb 7:1-3, 15-17**
**Tinapay ng Buhay: Mc 3:1-6**

Muling pumasok si Jesus sa sinagoga, at naroon ang isang lalaki na hindi maigalaw ang kamay, at mayroon ding gustong magsumbong tungkol kay Jesus. Kaya nagmasid sila at baka pagalingin siya ni Jesus sa Araw ng Pahinga.

At sinabi naman niya sa taong hindi maigalaw ang kamay: “Tumindig ka sa gitna.” At saka niya sila tinanong: “Ano ang ipinahihintulot sa Araw ng Pahinga, gumawa ng mabuti o gumawa ng masama, magligtas ng buhay o pumatay?” At di sila umimik.

Nalungkot si Jesus dahil sa katigasan ng kanilang puso kaya galit niyang tiningnan silang lahat, at sinabi sa lalaki: “Iunat mo ang iyong kamay.” Iniunat nga ng tao ang kamay at gumaling ito.

Pagkalabas ng mga Pariseo, nakipagtipon sila sa mga kakampi ni Herodes para masiraan nila siya.

**Komentaryo**

*Ang tunay na pagsamba sa Diyos ay ang pakikibahagi sa pagtulong sa mga kapwang nagdarahop at dumaranas ng pagkaalipin. Sa ebanghelyo, di lingid kay Jesus ang ngitngit ng mga taong nanibugho’t nasuklam dahil sa ginawa niyang panggagamot. Ito’y nagdulot ng lubhang kalungkutan sa kanya dahil minarapat ng iba na ipinid ang kanilang kaisipan sa katotohanan. Ikaw? Sa ’yong pagharap kay Jesus, naroroon ba ang tunay na pagsamba sa kanya - ang pagpapahalaga sa pangangailangan ng kapwa? Hindi kaya gaya rin tayo ng mga Pariseo, tumutuligsa sa mga taong handang tumulong sa mga dukha at naaapi?*

## Huwebes, Enero 20, 2004
## Ika-2 Linggo ng Taon

**Unang Pagbasa: Heb 7:25-8:6**
**Tinapay ng Buhay: Mc 3:7-12**

Lumayo si Jesus na kasama ang kanyang mga alagad papunta sa dagat. Maraming taga-Galilea ang sumunod sa kanya.

Mayroon din namang mga taong galing sa Judea at Jerusalem, at sa Idumea at sa kabilang ibayo ng Jordan, at sa Tiro at Sidon. Maraming-marami ang nagpunta sa kanya nang mabalitaan nila ang lahat niyang ginagawa.

Kaya tinagubilinan niya ang kanyang mga alagad na ihanda ang isang bangka para sa kanya dahil maraming tao, at baka nila siya maipit. Marami na siyang pinagaling kaya pilit siyang inaabot ng lahat ng may karamdaman para mahipo siya. Sinusugod siya ng mga inaalihan ng maruruming espiritu pagkakita sa kanya at pasigaw nilang sinasabi: “Ikaw ang Anak ng Diyos.” Ngunit tinagubilinan niya silang huwag siyang ibunyag.

**Komentaryo**

“...Lumayo si Jesus na kasa-ma ang kanyang mga alagad papunta sa dagat” (b 7).

Ang mga wika at gawa ni Jesus ay bunga ng kanyang malalim na pakikitungo sa Ama. Tuwing matatapos si Jesus sa pagpapagaling ay pumupunta sa isang tahimik na lugar upang yumukod at makipag-usap sa kanyang Ama. Ito ay mga mahahalagang oras para sa kanya - ang magdasal at mapalalim ang kanyang relasyon sa Ama. Napakalaking tukso sa ating mga nagsisilbi sa kapwa ang isiping: kailangan nila ako, gusto nila ang sinasabi ko, atbp. Ipinapaalala ni Jesus na kinakailangan nating yumukod at kilalanin na lahat ng ating nagawa ay dahil sa lakas at tulong na galing sa Diyos.”

**Biyernes, Enero 21, 2005**
**Ika-2 Linggo ng Taon**

**Unang Pagbasa: Heb 8:6-13**
**Tinapay ng Buhay: Mc 3:13-19**

Umakyat si Jesus sa burol at tinawag ang mga gusto niya. At lumapit sila sa kanya.

Sa gayon niya hinirang ang Labindalawa (na tinawag din niyang Mga Apostol) upang makasama niya at maipadala sila para mangaral at magkaroon ng kapangyarihan para palayasin ang mga demonyo.

Kaya itinalaga niya ang Labindalawa at tinawag na Pedro si Simon, at si Jaime na anak ni Zebedeo, at ang kapatid nitong si Juan, at tinawag niya silang Boanerges, na ang ibig sabihi’y “Sina-Parang-Kulog”; at saka si Andres, at si Felipe, si Bartolome, si Mateo, si Tomas, si Jaimeng anak ni Alfeo, at si Tadeo, si Simong Kananeo, at si Judas Iskariote na magkakanulo sa kanya.

**Komentaryo**

*Ano ang alam natin sa 12 ito na magiging tagapagbalita ni Jesus, na magiging haligi ng Simbahan at mga guro ng*

*panampalataya? Sila'y mga mangingisda, maniningil ng buwis, atbp. Alam nating sila'y pinili ni Jesus. Tinawag niya ang mga ito upang: maging mga kasama niya at kaagapay sa mga gawain; ipadala at magpahayag.*

*Pagiging disipulo ang kahulugan at hinihiling ng pakikipaglapit at pakikisalamuha kay Jesus. Ang pagsugo ni Jesus sa kanila upang ipagpatuloy ang kanyang mga gawain ay siyang katuturan ng kanilang pagiging alagad. Ang disipulo ay binigyan ng kakayahang makinig sa mga utos ng guro at maisabuhay ang nasaksihan at nakita sa guro.*

**Sabado, Enero 22, 2004**
**Ika-2 Linggo ng Taon**

**Unang Pagbasa: Heb 9:2-3, 11-14**
**Tinapay ng Buhay: Mc 3:20-21**

Pagkauwi ni Jesus, nagsidating ang mga tao kayat hindi na sila nakakain. Nang mabalitaan ito ng kanyang mga kamag-anak, lumabas sila para hulihin siya. Sinasabi nga nilang "Nababaliw siya."

**Komentaryo**

*Sa kagustuhan ni Jesus na maibigay ang mga kailangan ng maraming taong sumusunod sa kanila - upang matunghayan lamang siya, makausap, makinig sa kanilang hinaing, o mahipo nang ang karamdaman ay mapagaling - si Jesus at ang kanyang mga alagad ay wala ng panahon para sa kanilang sariling pangangailangan, pati na ang pagkain. Makikita natin sa ebanghelyo na may mas malalim pang kahulugan ito. Ang mga tao ay mas mahalaga pa kaysa sa anumang bagay, kahit sa puntong makalimutan ang sarili para sa kapakanan at ikabubuti ng iba.*

**Linggo, Enero 23, 2004**
**Ika-3 Linggo ng Taon**

**Unang Pagbasa: Is 8:23-9:3**

Hindi ba't karimlan saan man may pang-aapi? Nitong una'y halos lipulin ni Yawe ang lupain ng Zabulon at Neftali, ngunit pagkatapos nito'y binigyang-luwalhati niya ang daang patungo sa dagat, at ang Galilea ng mga pagano sa kabilang ibayo ng Jordan.

Ang bayang nagsisilakad sa karimlan ay nakakita ng malaking liwanag,

liwanag na nagliwayway sa mga nasa lupain ng anino ng kamatayan.

Pinalawak mo ang bansa, dinagdagan ang kanilang ligaya.

Nagagalak sila sa harap mo, tulad ng pagkagalak kung tag-ani, o kung naghahati-hati sa nasamsam. Tulad nang malupig ang Madian, binali mo ang pamatok nilang pasan, ang balagwit sa kanilang balikat, ang latigo ng kanilang kapatas.

**Ikalawang Pagbasa: 1 Cor 1:10-13, 17**

Nakikiusap ako sa inyo, mga kapatid, sa ngalan ng ating Panginoong Jesucristo, na magkasundo kayong lahat. Mawala na sana ang inyong mga pagtatalo. Magkaisa nawa kayo sa iisang diwa at pagpapasya.

Sapagkat ipinarating sa akin ng mga tao ni Cloe na mayroon kayong pagtatalo, mga kapatid ko. Ito ang aking tinutukoy - sinasabi ng bawat isa sa inyo: “Kay Pablo ako”, o “Kay Apollo ako”, o “Kay Kefas ako”, o “Kay Kristo ako”. Hati ba si Kristo? Si Pablo ba ang ipinako sa krus para sa inyo? O bininyagan ba kayo sa ngalan ni Pablo?

**Tinapay ng Buhay: Mt 4:12-23**

Nang marinig ni Jesus na dinakip si Juan, lumayo siya pa-Galilea. Hindi siya tumigil sa Nazaret, kundi sa Capernaum nanirahan, sa may baybayin ng lawa ng Galilea, sa teritoryo ng Zabulon at Neftali.

Kaya natupad ang salita ni Propeta Isaias: “Makinig kayo, mga lupain ng Zabulon at Neftali, mga daang patungo sa Dagat, kabilang ibayo ng Jordan; pakinggan ako, Galileang lupain ng mga pagano.

“Nakakita na ng malaking liwanag ang mga lugmok sa kadiliman. Sumikat na ang liwanag sa mga nasa anino ng kamatayan.”

At magmula noon, sinimulang ipahayag ni Jesus ang kanyang mensahe: “Magbagong-buhay; lumapit na nga ang Kaharian ng Langit.”

Sa paglalakad ni Jesus sa pampang ng lawa ng Galilea, nakita niya ang magkapatid na Simon na tinawag na Pedro at Andres na naghahagis ng mga lambat dahil mga mangingisda sila. Sinabi niya sa kanila: “Halikayo, sumunod kayo sa akin, at gagawin ko kayong mangingisda ng tao.”

Agad nilang iniwan ang kanilang mga lambat at sumunod sa kanya.

Nagpatuloy siya sa paglakad at nakita naman niya ang magkapatid na Jaime at Juan na mga anak ni Zebedeo. Nasa bangka sila kasama ng kanilang amang si Zebedeo at nagsusursi ng kanilang lambat. Tinawag sila ni Jesus. Agad nilang iniwan ang

bangka nila at ang kanilang ama, at nagsimulang sumunod sa kanya.

Nagsimulang maglibot si Jesus sa buong Galilea. Nagturo siya sa kanilang mga sinagoga, ipinahayag ang Mabuting Balita ng Kaharian at pinagaling ang kung anu-anong klase ng sakit at kapansanan ng mga tao.

**Komentaryo**

*"Baguhin ang inyong buhay! Nariyan na ang kaharian ng Diyos" (b 17)!*

*Magbagong-buhay. Mga salitang madalas nating marinig at ginagamit sa nakagawian na nating pagsasalin sa pagbabalik-loob o sa pagtahak ng makapanibagong daan sa pagsunod kay Kristo. Maisasalin din natin ito sa madalas na marinig mula sa mga tao: ang pagtalikod o paglayo sa mga kasalanan at masasamang bisyo. Para naman kay Jesus, ang pagbabagong- buhay na ito ay nangangahulugan ng kabuuang pagba-bago mula sa kalooban ng tao maging sa kanyang kilos at pananalita. Ipakikita sa atin ng ebanghelyo na bunga ng pagkadiskubre sa habag ng Diyos ang pagbabagong ito at gawa ng Espiritu sa atin.*

*Kalakip sa pagbabalik-loob ng Kristiyano ang dalawang bagay: ang tinatawag na metanoia o pagbabago ng puso at pagbabago ng mga gawa at buong buhay.*

**Lunes, Enero 24, 2004**
**Ika-3 Linggo ng Taon**

**Unan g Pagbasa: Heb 9:15, 24-28**
**Tinapay ng Buhay: Mc 3:22-30**

Ang sabi ng mga guro ng Batas na galing sa Jerusalem: "Sumasakanya si Beelzebul at sa tulong ng pinuno ng mga demonyo siya nagpapalayas sa mga ito."

Tinawag sila ni Jesus at nagsalita sa talinhaga: "Puwede bang Satanas ang magpalayas sa Satanas? Kung may pagkakahati-hati ang isang kaharian, hindi na makatatayo ang kahariang iyon. At kung may sambahayang nagkakahati-hati, hindi na makatatayo ang sambahayang iyon. At kung si Satanas ang lumalaban sa kanyang sarili at nagkakahati-hati, hindi na siya makatatayo kundi malapit na ang wakas niya. Walang makapapasok sa bahay ni Malakas at makaaagaw sa lahat niyang mga gamit kung hindi muna itatali si Malakas. Saka lamang niya masasaid ang lahat ng ari-arian nito.

“Sinasabi ko sa inyo: patatawarin ang mga anak ng tao sa lahat - sa kanilang mga kasalanan at pati sa kanilang mga paglait sa Diyos kahit na marami man ang mga paglait nila sa Diyos. Ngunit kung may magsalita laban sa Espiritu Santo, kailanma’y di siya mapapatawad; kasalanang walang hanggan ang nasa kanya.” Ang pagsasabi nilang may masamang espiritu siya ang tinutukoy ni Jesus.

**Komentaryo**

*Ang mga Pariseo at guro ng Batas ay ang mga maykapangyarihan pagdating sa bagay na may kinalaman sa relihiyon, pero di nila magawa ang ginagawa ni Jesus na palayasin ang demonyong sumanib sa tao, at dahil dito, naglakbay sila mula Jerusalem para makita ng malapitan si Jesus. Tunay ngang napapagaling ni Jesus ang mga may sakit.*

*Tungkol sa pagpapalayas sa mga demonyo, ang inilalahad ni Jesus ay ang pagdating ng kaharian ng Diyos sa buhay ng isang tao. Sa araw-araw na buhay natin, napaglalabanan at napagwawagian ang tagumpay laban kay Satanas sa pamamagitan ng malalim na pananampalataya sa kanya.*

**Martes, Enero 25, 2004**
**Pagbabagumbuhay ni San Pablo**

**Unang Pagbasa: Gawa 22:3-16 (o 9:1-22)**
**Tinapay ng Buhay: Mc 16:15-18**

Sinabi ni Jesus sa kanyang mga alagad: “Pumunta kayo sa buong daigdig at ipahayag ang ebanghelyo sa buong sangkinapal. Maliligtas ang maniniwala at magpapabinyag; hahatulan naman ang di maniniwala. At ito ang mga tandang sasama sa mga maniniwala: magpapalayas sila ng mga demonyo sa aking Pangalan, magsasalita sila sa iba pang mga wika, hahawakan nila ang mga ahas, at di sila maaano kung iinom man sila ng may lason. Ipapatong nila ang kanilang kamay sa mga maysakit at gagaling ang mga iyon.”

**Komentaryo**

*Makikita natin na ang umiikot na tema sa mga sinulat ni San Pablo ay grasya. Ipinaninindigan niyang tayo ay nabigyang-katarungan dahil sa ating panampalataya hindi sa gawa at sa kanyang paniniwalang ang nangingibabaw ay ang biyaya ng Diyos. Hindi natin inaani ang ating kaligtasan. Hindi tayo iniligtas ng Diyos dahil sa pinaghirapan natin ito kundi: “namatay si Kristo para sa atin noong makasalanan pa tayo” (Rom 5:8).*

*Ang kaligtasan ay biyaya, malayang inilaan sa atin, mula sa di masukat na kabutihan at pagmamahal ng Diyos. Sa kanyang daan patungo sa Damascus, si Pablo ay pinagbagong-anyo ng biyaya ng Diyos.*

**Miyerkules, Enero 26, 2004**
**San Tito at San Timoteo**

**Unang Pagbasa: 2 Tim 1:1-8 (o Tit 1:1-5)**
**Tinapay ng Buhay: Lc 10:1-9**

Humirang ang Panginoon ng iba pang pitumpu't dalawa at isinugo silang dala-dalawa na mauna sa kanya sa bawat bayan at lugar na takda niyang puntahan. Sinabi niya sa kanila: "Marami nga ang aanihin at kakaunti naman ang mga manggagawa; idalangin ninyo sa panginoon ng ani na magpadala siya ng mga manggagawa sa kanyang ani. Lumakad na kayo. Isinusugo ko kayong parang mga tupa sa gitna ng mga asong-gubat. Huwag kayong magdala ng pitaka, bag o mga sandalyas. At huwag ninyong batiin ang sinuman sa daan.

"Saanmang bahay kayo pumasok, sabihin muna ninyo: 'Mapasatahanang ito ang kapayapaan!' Kung mapayapang tao ang naroon, sasakanya ang in- yong kapayapaan. Kung hindi'y magbabalik sa inyo ang inyong dasal. At sa bahay na iyon kayo manatili; kumain kayo at uminom na kasalo nila sapagkat may karapatan ang manggagawa sa kanyang sahod. Huwag kayong magpapapalit-palit ng bahay.

"Saanmang bayan kayo pumasok at tanggapin nila kayo, kanin ninyo anumang ihain sa inyo. Pagalingin din ninyo ang mga maysakit doon at sabihin ninyo sa kanila: 'Palapit na sa inyo ang kaharian ng Diyos.'"

**Komentaryo**

*Siguro tinatanong natin ang ating sarili: sino ba ang mga dapat na magmimisyon? Hindi lamang mga pari o mga madre kundi tanang may pananampalataya.*

*Tayo, bilang binyagan ay hinirang din at hinahamon na maging misyonero sa ating payak na katayuan: sa pagdalaw sa mga tahanan; pagbibigay ng kapayapaan; o tumuloy bilang isang tapat na kaibigan sa ngalan ni Kristo; makinig sa mga binibisita, upang makatulong sa kanilang pinoproblema, atbp. Sa gayon lamang tayo makapagbibigay sa kanila ng magandang sagot at masasabi sa kanila: palapit na sa inyo ang kaharian.*

**Huwebes, Enero 27, 2004**

## Ika-3 Linggo ng Taon

**Unang Pagbasa: Heb 10:19-25**
**Tinapay ng Buhay: Mc 4:21-25**

Sinabi ni Jesus sa mga tao: “Dumarating ba ang ilaw para takpan ng salop o para ilagay sa ilalim ng higaan? Hindi! Inilalagay ito sa patungan! Walang nalilihim na di nabubunyag at walang tinatakpan na di malalantad. Makinig ang may tainga!”

At sinabi niya sa kanila: “Isip-isipin ninyo ang inyong naririnig. Sa sukatang ginamit ninyo, susukatin ang para sa inyo at higit pa ang ibibigay sa inyo. Bibigyan pa nga ang meron na ngunit ang wala, ang anumang nasa kanya ay aagawin pa.”

**Komentaryo**

*“Isip-isipin ninyo ang inyong narinig. Sa sukatang ginamit ninyo... at higit pa ang ibibigay sa inyo” (b 24). Tinatawag ni Jesus ang ating pansin. Gumamit siya ng imahen na kinakailangan ng mga disipulo upang maipahayag ang Magandang Balita. Isa sa mga ito ay ang ilaw. Walang lihim na hindi naibubunyag ng ilaw. Ang tagapagbalita ang siyang nagsisilbing ilaw sa pamayanan. Kumikilos ang Salita sa lihim na puso pero sa oras na madiskubre natin ang pagbabagong dala nito sa ating buhay, buong sigla nating ipahahayag si Kristo at ipaalam ang lihim na nagpaligaya sa atin na parang ilaw na di tinatakpan upang ang liwanag nito ay lumaganap para sa karamihan.*

## Biyernes, Enero 28, 2004
## Ika-3 Linggo ng Taon

**Unang Pagbasa: Heb 10:32-39**
**Tinapay ng Buhay: Mc 4:26-34**

Sinabi ni Jesus: “Maihahambing ang kaharian ng Diyos sa paghahasik ng isang tao ng buto sa lupa. Tulog man siya o gising, sa gabi o araw, sumisibol ang binhi at lumalago nang hindi niya namamalayan.

“Nagbubunga ang lupa sa ganang sarili nito: una’y ang usbong, saka ang uhay at ang butil na humihitik sa uhay. At kapag nagbunga na ito, agad siyang magpapadala ng karit sapagkat sumapit na ang anihan.”

At sinabi niya: “Sa ano natin maikukumpara ang kaharian ng Diyos? Sa anong talinhaga natin ito maipakikilala? Natutulad ito sa paghahasik ng buto ng mustasa na pinakamaliit sa mga binhing inihahasik sa lupa.

“Ngunit pagkahasik nito, tumataas ito at lumalaki na higit pa sa lahat ng gulay at nagsasanga nang malaki hanggang sumilong sa kanyang lilim ang mga ibon ng langit.”

Itinuro niya sa kanila ang lahat ng ito sa pamamagitan ng mga talinhagang gaya nito ayon sa kakayahan ng kanilang isipan. Hindi siya nagturo sa kanila nang hindi gumagamit ng mga talinhaga. Ngunit nilinaw niya ang lahat sa kanyang mga alagad nang sila-sila na lamang.

**Komentaryo**

*Sa ebanghelyo, ipinamamalas ni Jesus na ang paglago ng kaharian ay unti-unti. Katulad ito ng binhing inihasik sa lupa. “Nagbubunga ang lupa sa ganang sarili nito: una’y ang usbong, saka ang uhay at ang butil na humihitik sa uhay...” (b 28). Sa talinhagang ito, matatanto nating dakila at makapangyarihan ang pagmamahal ng Diyos. Kagaya ng binhi, lalago ang pag-ibig na kanyang ipinunla sa atin sa pamamagitan ng pagpapalalim ng ating pananampalataya sa pamamagitan ng ating mga panalangin at mabuting gawa at pagmamahal sa kapwa.*

**Sabado, Enero 29, 2004**
**Ika-3 Linggo ng Taon**

**Unang Pagbasa: Heb 11:1-2, 8-19**
**Tinapay ng Buhay: Mc 4:35-41**

Kinahapunan ng araw na iyon, sinabi ni Jesus sa kanyang mga alagad: “Tumawid tayo sa kabilang ibayo.” Kaya iniwan nila ang mga tao at namangka silang kasama ni Jesus sa bangkang inuupuan niya. At may iba pang mga bangka na kasabay nila. At nagkaroon ng malakas na ipuipo. Hinampas ng mga alon ang bangka at halos lumubog na samantalang tulog siya sa kutson sa hulihan. Kaya ginising nila siya at sinabi: “Guro, halos mamamatay na tayo at bale-wala sa iyo!”

Pagbangon niya, inutusan niya ang hangin at sinabi sa dagat: “Tahimik, huwag kumibo.” Nabawasan ang hangin at nagkaroon ng ganap na kapaya- paan. At sinabi niya sa kanila: “Napakatatakot ninyo! Bakit? Wala pa ba kayong paniwala?”

Ngunit lalo silang nasindak at nag-usap-usap: “Sino ito na pati hangin at dagat ay sumusunod sa kanya?”

**Komentaryo**

*Ang mga pagbasa ay parehong tungkol sa pananampalataya pero sa magkaibang pagpapakahulugan. Kay Abraham, ang pananampalataya ay*

*buong pagsunod sa tawag ng Panginoon. Kalakip nito ang aksyon at desisyon. Sa ebanghelyo ay nakita natin ang halimbawa ng kakulangan ng tiwala. Ang mga apostol ay nasa bangka kasama ni Jesus nang biglang lumakas ang bagyo. Dahil sa kulang ang paniniwala, sila'y natakot at humingi ng saklolo. Di pa nila gaanong kilala si Jesus at nangailangan pa sila ng kasiguruhan. Pinatahimik ni Jesus ang bagyo ngunit lalo silang nasindak. Pagnilayan natin: "Napakatatakutin ninyo! Bakit? Wala pa ba kayong paniwala?" (Mc 4:40).*

**Linggo, Enero 30, 2004**
**Ika-4 na Linggo ng Taon**

**Unang Pagbasa: Sof 2:3; 3:12-13**

Hanapin ninyo si Yawe, lahat kayong hamak sa lupa, kayong nagsasagawa sa kanyang kautusan. Hanapin ang katarungan, hanapin ang kababaang-loob, at baka itago kayo sa araw ng galit ni Yawe.

Iiwan ko sa iyo ang isang bayang hamak at dukha na aasa sa ngalan ni Yawe - ang nalabi sa Israel. Hindi sila gagawa ng kasamaan, wala nang kasinungalingan sa kanila at di na matatagpuan ang panlilinlang sa kanilang bibig. Kakain sila at magpapahinga rin, at walang manggugulo sa kanila.

**Ikalawang Pagbasa: 1 Cor 1:26-31**

Tingnan na lamang ninyo, mga kapatid, kung ano kayong mga tinawag. Hindi marami sa inyo ang marunong ayon sa karaniwang akala, hindi marami ang mahahalaga, hindi marami ang isinilang na maharlika. Ngunit pinili ng Diyos ang tanga sa mundo upang hiyain ang marunong, pinili ng Diyos ang mahina sa mundo upang hiyain ang malakas. Pinili ng Diyos ang mababa at hamak sa mundo, kahit na ang mga bagay na wala, upang puksain ang mga umiiral - at nang huwag nang makapagmalaki ang sinumang tao sa harapan ng Diyos. Siya ang gumawa na kayo'y na kay Kristo Jesus, na ginawang ating karunungang galing sa Diyos, at ginagawa tayong matuwid. Siya ang ating kabanalan at katubusan. Sa gayon, pinatunayan ang nakasulat: Ang Panginoon nawa ang ipagmalaki ng sinumang nagmamalaki.

**Tinapay ng Buhay: Mt 5:1-12**

Nang makita ni Jesus ang makapal na tao, umahon siya sa bundok. Naupo siya roon at lumapit sa kanya ang kanyang mga alagad. At nagsimula siyang magturo sa kanila:

“Mapapalad ang mga may diwa ng dukha sapagkat sa kanila ang Kaharian ng Langit.

Mapapalad ang mga nagluluksa sapagkat pagiginhawahin sila.

Mapapalad ang mga di-marahas sapagkat mapapasakanila ang lupain.

Mapapalad ang mga nagugutom at nauuhaw sa katarungan sapagkat bubusugin sila.

Mapapalad ang mga maawain sapagkat kaaawaan sila.

Mapapalad ang mga may busilak na puso sapagkat makikita nila ang Diyos.

Mapapalad ang mga nagpupunyagi para sa kapayapaan sapagkat tatawagin silang mga anak ng Diyos.

Mapapalad ang mga pinag-uusig dahil sa katarungan sapagkat kanila ang Kaharian ng Langit.

Mapapalad kayo kung iniinsulto kayo at pinag-uusig at sinisiraang-puri dahil sa akin. Magsaya kayo at magalak sapagkat malaki ang gantimpalang nasa Diyos para sa inyo. Ganito rin pinag-usig ang mga propetang nauna sa inyo.”

**Komentaryo**

*“Mapapalad: ang mga dukha... kanila ang langit; ang mga nagluluksa... pagiginhawahin; ang mga nagugutom... bubusugin sila...” Litanya ng mga dinaramdam ng karamihan sa atin, hindi lamang ang mga dukha kundi lahat ng may mga pangangailangan sa buhay, at litanya din ng mga kaginhawaang katapat nito. Hindi lamang sa materyal kundi sa espiritwal at emosyonal ding tugon sa ating mga kakulangan.*

*Gumagaan ang loob natin sa pagkakaalam na mahal tayo ng Diyos at kanyang pinagmamalasakitan. Gumagaan din ang loob natin kahit hindi niya pinaguukulan ang lahat ng ating mga panalangin, mayroong halaga at kabuluhan ang ating krus at paghihirap. Gumagaan ang loob natin sa pagkakakitang may ginagawang mga hakbang para sa paghahari ng katarungan at dignidad ng tao. Mapapalad tayo dahil tayo’y kanyang pagiginhawahin, at kakaawaan; at higit sa lahat, ay makikita natin siya.*

**Lunes, Enero 31, 2004**
**Ika-4 na Linggo ng Taon**

**Unang Pagbasa: Heb 11:32-40**
**Tinapay ng Buhay: Mc 5:1-20**

Dumating si Jesus kasama ang kanyang mga alagad sa lupain ng mga taga-Gerasa sa kabilang ibayo, at pag-alis niya sa bangka,

sinalubong siya ng isang lalaking inaalihan ng demonyo, na galing sa mga libingan.... Pagkakita nito kay Jesus sa malayo, patakbo itong lumapit at nagpatirapa sa harap niya at sumigaw: “Ano ang kailangan mo sa akin, Jesus na Anak ng Diyos! Hinihiling ko sa iyo sa ngalan ng Diyos na huwag mo akong pahirapan.” Sinabi nga sa kanya ni Jesus: “Lumabas ka sa tao, maruming espiritu.” At nang tanungin siya ni Jesus, “Ano ang pangalan mo?” sumagot siya, “Hukbo nga ako, marami kasi kami.” At hiningi niya kay Jesus na huwag silang palayasin sa lupaing iyon.

Maraming baboy na nanginginain doon sa burol. Kaya hiniling sa kanya ng mga demonyo: “Ipadala mo kami sa mga baboy at papasok kami sa mga iyon.” At pinahintulutan sila ni Jesus. Kaya pagkalayas ng mga demonyo’y pumasok ang mga ito sa mga baboy; at nahulog sa bangin ang mga baboy papuntang dagat at nalunod na lahat. Tumakas naman ang mga nagbabantay sa mga baboy. At ipinamalita nila ang lahat sa bayan at sa mga bukid. Naglabasan ang mga tao para alamin ang nangyari.

Kaya pinuntahan ng mga ito si Jesus at nakita nila ang dating inaalihan ng demonyo na nakaupo at nakadamit, matino na siya na sinapian ng Hukbo.... nakiusap sa kanya ang inalihan ng demonyo na isama siya. Ngunit hindi siya pinayagan ni Jesus, kundi sinabi niya: “Umuwi ka sa iyong mga kamag-anak at ipahayag sa kanila ang lahat ng ginawa sa iyo ng Panginoon at ang pagkahabag niya sa iyo.”

Kaya umalis ang tao, at sinimulang ipahayag sa buong lupain ng Decapolis ang lahat ng ginawa sa kanya ni Jesus, at namangha ang lahat.

**Komentaryo**

*Si Jesus ay nagpapahayag ng walang hanggang awa at pagliligtas sa anumang bagay na nagpapahiwalay sa atin sa kanya. Ang pagpapalayas ni Jesus sa masasamang espiritu mula sa taong sinasaniban ay pagpapatunay na makapangyarihan ang kanyang Salita na kahit ang kampon ng demonyo ay di kayang humarap sa kanya. Ang taong pinagaling ni Jesus ay gustong sumama sa kanya pero binigyan niya ito ng isang misyon: “Umuwi ka sa iyong mga kamag-anak at ipahayag sa kanila ang lahat ng ginawa sa iyo ng Panginoon at ang pagkahabag niya sa iyo” (b 19).*

*Atin ding ipahayag ang mga kaaya-ayang bagay na ginawa niya sa atin.*